

Ikaw ba ay Napanghihinaan ng Loob at Naguguluhan?
“Si Hesuskristo ang magbibigay sa iyo ng lakas ng loob at ikaw ay kanyang aaliwin. “Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang kaing kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man.” Juan 14:27

Ikaw ba ay Nalulungkot at Nasisiraan ng Loob?
Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng kagalakan. “ Iyong itituro sa akin ang landas ng buhay: nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan; sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailanman.” Mga Awit 16:11

Ikaw ba ay Napapagod at Nanghihina?
Si Hesukristo ang magbibigay sa iyo ng lakas ng loob. “Huwag kang matakot, sapagkat ako’y sumasaiyo;huwag kang manlupaypay, sapagkat ako’y iyong Dios; aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan ka; oo, aking aalalayan ka ng kanang kamay ng aking katuwiran.” Isaias 41:1

Ikaw ba ay Nalulumbay at Walang Kaibigan?
Si Hesukristo ang iyong magiging kasama. “...Sapagkat siya rin ang nagsabi, sa ano mang paraan ay hindi kita papagkulangin, sa ano mang paraan ni hindi kita pababayaan.” Hebreo 13:5

Ikaw ba ay may Karamdaman?
Si Hesukristo ang Magpapagaling sa iyo. “At ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa maysakit, at ibabangon siya ng Panginoon: at kung nagkasala siya, ay ipatatawad sa kanya.” Santiago 5:15

Ikaw ba ay Nahihirapan sa Bigat ng Kasalanan?
“Kung ipahahayag natin ang ating kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” 1 Juan 1:9

Si Hesukristo ay Pumarito Upang Handugan ka ng Higit na Mabuting Daan.
“Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di mapaparoon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” Juan 14:6

Kailangan kang Manampalataya
“Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sino mang sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” Juan 3: 16

Kailangan mong maipanganak na Muli.
“At sinabi ni Hesus, katotohan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, maliban na ang tao’y maipanganak sa tubig at sa espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios.” Juan 3:5

Ito ang Daan Tungo sa Bagong Buhay.
“At sinabi sa kanila ni Pedro, mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Hesukristo sa ikapapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” Mga Gawa 2:38

Kaya’t kung sinoman ay na kay Kristo, siya’y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila’y pawang naging mga bago.” II Corinto 5:17